



Optimisasyon ng Upa nang Mas Mababa sa Market na pabahay

- Ang mas mababa sa market na pabahay ay paupahang pabahay na mas abot-kaya kaysa sa mga karaniwang presyong paupahang pabahay o market rental housing, at inihahatid ito ng pribadong merkado kapalit ng pagtaas sa densidad. Ang programang ito ay nilayon upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay ng 40% ng mga sambahayan na umuupa sa Vancouver na hindi kwalipikado para sa panlipunang pabahay ngunit nagsusumikap na makayanan ang buong presyo ng market na renta.
- Ang Lungsod ay kasalukuyang may ilang magkakapatong na patakaran sa pag-upa ng mas mababa sa market na pabahay, at nagmumungkahi ng mga pagbabago upang gawing pamantayan ang mga ito. Ang mga pagbabagong pinapanukala namin ay resulta ng mga pagkatuto mula noong pag-apruba ng Moderate Income Rental Pilot Program (MIRHPP) noong 2017, ang unang patakaran para sa mas mababang paupahan ng Lungsod.
- Nakatuon ang mga panukala pagbabago sa pag-standardize ng diskarte ng Lungsod sa pagtatakda ng mas mababa sa mga market rate ng paupahan sa unang pagkakataon ng paguupa at sa pag-turnover ng yunit (kapag may bagong mangungupahan). Ang mga pagbabago ay magagarantiya na ang mga rentang sinisingil ay mananatili sa isang nakapirming porsyento na mas mababa sa merkado.
- Ang mga pangunahing layunin ng mga update na ito ay para:
 - > Mag-ambag sa pinansiyal na kakayahan ng mga proyektong paupahan na mas mababa sa market na pabahay
 - > I-streamline ang proseso ng pag-develop ng mga tahananang paupahan na mas mababa sa market na pabahay; at
 - > Dagdagan ang bilang ng mga tinayong tahananang paupahan na mas mababa sa market napabahay.

Ang mga pagbabagong ito ay hindi makakaapekto sa mga kasalukuyang nangungupahan na at nakatira sa mga tahananang mababa sa market na pabahay.

Makiugnay

Bilang bahagi ng pampublikong pakikipag-ugnayan, nagho-host kami ng mga sesyon ng impormasyon na sa personal at online kung saan maaaring matuto ang mga kalahok ng higit pa tungkol sa mga iminungkahing pagbabagong ito.

Ang mga sesyon ng impormasyon ay gaganapin sa mga sumusunod na lokasyon at oras:

Martes, Hulyo 11
4:30 – 7:30 pm

Hillcrest Community Centre
Arts and Crafts Room

Miyerkules, Hulyo 12
5:30 – 8:30 pm

Creekside Community Centre
Multipurpose Room 4

Huwebes, Hulyo 13
6:00 – 7:30 pm

Online session. Mag-sign up sa
pamamagitan ng Eventbrite



Background

Ang Inisyatibong Below-Market Rental Optimization (Optimisasyon ng Upa nang Mas Mababa sa Market na pabahay) ay bahagi ng pagpapatupad ng Housing Vancouver Strategy (2018-2027) na istrategiya ng Lungsod para masiguro na ang Vancouver ay maaaring maging tahanan para sa mga tao nang lahat ng kita at background. Ang Housing Vancouver ay may kasamang kabuuang target - 72,000 mga bagong tahanan sa susunod na 10 taon, kabilang ang 4,000 mga tahananang paupahan na mas mababa sa merkado, para mas mabuting masalamin ang mga magkakaibang pangangailangan sa pabahay sa lungsod.

Para matuto pa tungkol sa Housing Vancouver

vancouver.ca/people-programs/housing-vancouver-strategy.aspx

